California School DASHBOARD

Paano pinagpapasiyahan ang mga Kulay sa Dashboard?

Ang sistema ng pananagutan at patuloy na pagpapahusay ng California ay tinatawag na California School Dashboard. Ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa kung paano natutugunan ng mga distrito at paaralan ang mga pangangailangan ng magkakaibang populasyon ng estudyante ng California batay sa maraming panukat.

Ang Dashboard ay nagpapakita ng pagganap ng mga distrito, paaralan, at mga grupo ng estudyante sa isang set ng pang-estado at lokal na mga panukat na tumutulong sa pagtukoy sa mga lakas, kahinaan at mga lugar na nangangailangan ng pagpapahusay.

Paano nagpapakita ng pagganap ang Dashboard?

Ang pagganap ay batay sa dalawang kadahilanan:

Mga kasalukuyang datos sa pagsukat

Paghusay o kawalan ng paghusay mula sa mga resulta ng naunang taon

Ang mga kalkulasyong ito ay ginagawa para sa bawat panukat ng estado at nagkukrus sa isang 5x5 grid. Ang grid layout ay mag-iiba para sa bawat panukat.

Sa 5x5 grid, ang mga antas ng datos ng kasalukuyang taon ay ipinakikita sa kaliwang hanay, habang ang pagkakaiba sa pagitan ng mga antas ng datos ng kasalukuyang taon at naunang taon ay ipinakikita sa pinakamataas na hanay.

Ang antas ng pagganap, o kulay, ay ipinapasiya ng punto kung saan nagkukrus ang dalawang antas na ito.



Antas	Bumaba nang Malaki	Bumaba	Pinananatili	Tumaas	Tumaas nang Malaki
Napakataas	Dilaw	Berde	Asul	Asul	Asul
Mataas	Dalandan	Dilaw	Berde	Berde	Asul
Katamtaman	Dalandan	Dalandan	Dilaw	Berde	Berde
Mababa	Pula	Dalandan	Dalandan	Dilaw	Dilaw
Napakababa	Pula	Pula	Pula	Dalandan	Dilaw

Sa halimbawang ipinakikita, ang mga datos ng kasalukuyang taon ay pumapatak sa mataas na antas. Pinanatili nito ang antas na ito, na nangangahulugang walang malaking pagtaas o pagbaba sa mga resulta mula sa naunang taon. Ang “Mataas” at “Pinananatili” ay nagtatagpo para sa kabuuang antas ng pagganap na berde.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang pahina sa web ng California Accountability Model & School Dashboard sa https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/index.asp.

Oktubre 2019
Tagalog